# PARA SA MGA MAGULANG NA MAY MGA BATANG ANAK – ANG PAGPASOK SA KINDERGARTEN SA BANSANG HAPON –
# 幼児期のお子さんを持つ保護者の皆様へ
# ～日本の幼稚園への入園に当たって～

Mayroong mga pasilidad para sa mga batang wala pa sa edad na pumasok sa elementary school, katulad ng mga kindergarten, nursery school at gayong mga pasilidad na naakreditahan ng gobyerno. Ipapaliwanag dito ang pangkahalatang ideya ukol sa kindergarten. Ang mga kondisyon sa pagpasok at mga kinakailangang bayaran sa paggamit nito ay nagkakaiba depende sa patakaran ng kindergarten. Mangyaring kumonsulta sa mga kindergarten sa inyong munisipalidad o malapit sa inyong tirahan.

Ang impormasyon tungkol sa bawa't pasilidad ay nakaulat sa [Living and Employment Guide Para sa mga Dayuhan] na bahagi ng portal site na "Suporta sa Pamumuhay ng mga Dayuhan" at matatagpuan sa link na ito:

(https://www.moj.go.jp/isa/support/portal/education_learning_japanese.html)

小学校就学前の子供を対象とした施設には、幼稚園、保育所、認定こども園があります。ここでは幼稚園の概要を説明します。幼稚園の入園条件や利用料などは、幼稚園によって異なります。幼稚園への入園を希望する保護者は、居住する市区町村や近くの幼稚園で入園相談を行ってください。

なお、各施設の概要は、外国人生活支援ポータルサイトに掲載されている「外国人のための生活・就労ガイドブック」等もご参照ください。

（https://www.moj.go.jp/isa/support/portal/education_learning_japanese.html ）

【Ano ang kindergarten?】

Ang kindergarten ay isang pasilidad para sa mga batang may tatlong taong gulang hanggang sa edad ng kanilang pagpasok sa elementary school. Depende sa patakaran ng pasilidad, nagkakaiba ang kinakailangang edad ng bata para makapasok sa kindergarten.

【幼稚園とは】

３歳になった日から小学校就学前までの子供が通うことができる教育施設です。入園できる年齢は、幼稚園によって異なります。

●Kabuhayan sa Kindergarten

Ang kamusmusan ay hindi panahon ng pagtamo ng kaalaman kundi ang matutunan ng bata kung paano mabuhay sa sariling lakas at pagsisikap. Sa gayong dahilan, sa pamamagitan ng paglalaro, sa kindergarten, natuturuang makipag-ugnay ang bata, mag-sip, umangkop at magpahayag.

Sa kindergarten, ang bata ay nagpapalipas ng apat na oras sa isang araw. Mayroon ding kindergarten na pinapahintulot mamalagi ang bata hanggang gabi kapag ang mga magulang nito ay nagtratrabaho o may mahalagang gawain.

●幼稚園における生活

幼児期は、知識を教えられて身に付けていく時期ではなく、自分でやってみながら生活に必要な力を身に付けていく時期です。そのため、幼稚園では、遊びを通して人と関わる力や思考力，感性や表現する力などを育む教育を行っています。

幼稚園で子供が過ごす時間は１日４時間程度です。保護者が働いている等の場合に夕方や夜まで園児を預かる幼稚園もあります。

●Pagpasok sa Kindergarten

Ang mga kondisyon (edad ng bata, lugar ng paninirahan), kinakailangang bayaran hingil sa pagpasok ng bata sa kindergarten, pagpunta rito (kung may bus na magsusundo at maghahatid sa bata sa kanyang tirahan), kung maaaring ipaubaya ang bata hanggang gabi sa kindergarten at iba pang bagay ay nagkakaiba, ayon sa patakaran ng kindergarten.

Gayundin, ang mga gastos hingil sa pagdadalo sa kindergarten, pambayad sa bus, sa pagkain, at pangangalaga sa bata ay nagkakaiba ayon sa patakaran ng kindergarten.

Mula Oktubre 2019, wala ng bayad ang pangangalaga sa mga batang may tatlong taon hanggang limang taong gulang na dumadalo sa kindergarten, nursery school at naakreditahang pasilidad. Mangyaring makipag-ugnay sa tanggapan ng inyong munisipyo tungkol sa mga pasilidad na walang bayad.

●入園に当たって

入園条件（年齢、居住地域等）、幼稚園に通うための必要経費、通園方法（送迎バスの有無）、夕方や夜まで園児を預かることができるかどうかなどは幼稚園によって異なります。

また、幼稚園の保育料、バス代、給食費など、幼稚園に通うために必要な経費も幼稚園によって異なります。

令和元年 10 月から幼稚園、保育所、認定こども園などを利用する３歳から５歳までの子供たちの保育料が無料となっています。無料となる対象の詳細は居住する市区町村にお問い合わせください。